# ARALING PANLIPUNAN

## Grade 5

### Three-Term Budget Of Work (BOW) for Learning Competencies

# ARALING PANLIPUNAN
# Baitang 5

## Three-Term Budget Of Work
## For Learning Competencies

| Unang Termino<br>Pinagmulan ng Pilipinas at Sinaunang Kalinangang Bayan | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pinagmulan ng Pilipinas at sa nabuong kalinangan ng sinaunang bayang Pilipino, at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng presentasyon at nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |

| Linggo | Kasanayang Pampagkatuto |
|---|---|
| **1** | • Naipaliliwanag ang pag-aaral ng kasaysayan at mga batayan nito<br>• Natatalakay ang mga pamamaraan at pananaw ng kasaysayan |
| **2** | • Natutukoy ang pinagmulan ng Pilipinas batay sa agham, kaalamang bayan, at relihiyon |
| **3** | • Nasusuri ang pinagmulan ng sinaunang tao sa Pilipinas batay sa agham at kaalamang bayan |
| **4** | • Nasusuri ang kaugnayan ng lokasyon sa paghubog ng kasaysayan |
| **5** | • Nasusuri ang mga sinaunang bayang Pilipino batay sa organisasyong panlipunan, pang-ekonomiya, at pampolitika |
| **6** | • Napahahalagahan ang ginampanan ng kababaihan sa pagbuo ng kalinangan ng sinaunang Pilipino<br>• Naipaliliwanag ang konsepto ng kalinangan at uri nito |
| **7** | • Nasusuri ang mga paniniwala, relihiyon, at tradisyon ng sinaunang bayang Pilipino |

| | |
|---|---|
| **8** | • Natatalakay ang iba't ibang uri ng sinaunang sining, pagpapalamuti at arkitektura ng mga Pilipino. |
| **9** | • Natatalakay ang pagdating at paglaganap ng Islam<br>• Nasusuri ang mga katuruan ng Islam at pamahalaang sultanato |
| **10** | • Napahahalagahan ang ugnayan ng sinaunang bayang Pilipino sa ilang piling bansa sa Asya |

| Ikalawang Termino<br>Pagtugon ng Bayan sa Hamon ng Kolonyalismong Espanyol | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagtugon at pagpupunyagi ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismong Espanyol |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng presentasyon ukol sa pagpapahalaga at pagmamalaki sa pagpupunyagi ng mga Pilipino sa pagpapanatili ng kasarinlan |

| Linggo | Kasanayang Pampagkatuto |
|---|---|
| **1 - 2** | • Natutukoy ang kahulugan at mga dahilan ng kolonisasyon<br>• Nasusuri ang mga paraan sa pagsasailalim sa lipunang Pilipino |
| **3 - 5** | • Nasusuri ang mga patakarang kolonyal na ipinatupad ng Espanya sa bansa |
| **6 - 7** | • Nasusuri ang mga paraan ng pag-aangkop at pagtugon ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol |
| **8** | • Natatalakay ang katayuan ng kababaihan sa panahon ng kolonyalismong Espanyol |
| **9 - 10** | • Nasusuri ang mga pagpupunyagi, kinahinatnan, at implikasyon ng pagtatanggol ng mga katutubong pangkat, kababaihan, at iba pang sektor na mapanatili ang kalayaan sa kolonyalismo |

| Ikatlong Termino<br>Pag-usbong ng Nasyonalismong Pilipino | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga salik na nagbigay-daan sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino at Kilusang Propaganda |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng adbokasiya na naglalayong pahalagahan ang pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino |

| Linggo | Kasanayang Pampagkatuto |
|---|---|
| **1** | • Nasusuri ang konsepto ng nasyonalismo |
| **2 - 3** | • Nasusuri ang pagbabagong dulot ng kaisipang liberal sa pag-usbong ng nasyonalismo |
| **4 - 5** | • Nasusuri ang ambag ng panggitnang uri sa pag-usbing ng nasyonalismong Pilipino |
| **6** | • Naipaliliwanag ang kilusan para sa sekularisasyon at Pilipinisasyon ng mga Parokya |
| **7** | • Nasusuri ang mga idinulot ng Cavite Mutiny at paggarote sa GOMBURZA sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino |
| **8 - 9** | • Naiisa-isa ang mga layunin ng pagkakatatag ng Kilusang Propaganda |
| **10** | • Nasusuri ang papel na ginampanan ng Kilusang Propaganda sa pag-usbong ng nasyonalismo |